HONDA Financial Services

# American Honda Finance Corporation Patakaran sa Privacy

Huling Na-update noong: Setyembre 18, 2025

Nagsusumikap ang American Honda Finance Corporation d/b/a Honda Financial Services at Acura Financial Services at ang kaugnay na mga kumpanya nito na tinukoy sa ibaba bilang ("AHFC," "kami," "amin," "namin") na bumuo at mapanatili ang isang relasyon ng tiwala sa iyo. Inilalarawan ng Patakaran sa Privacy na ito (ang "Patakaran sa Privacy" o "Patakaran") kung paano namin kinokolekta, ginagamit, at ibinubunyag ang Personal na Impormasyon mo (gaya ng pagpakahulugan sa ibaba). Pinamamahalaan ng Patakaran ang impormasyong kinokolekta namin sa pamamagitan ng (mga) website, (mga) microsite, (mga) mobile website, at mobile na mga aplikasyon (sama-sama, "Mga site") at impormasyon na kinokolekta namin mula sa o tungkol sa iyo para ihatid ang mga serbisyo namin o isagawa ang ibang mga aktibidad sa negosyo (sama-sama, "Mga serbisyo"). Hindi pinamamahalaan ng Patakaran na ito ang impormasyong kinokolekta namin mula sa mga aplikasyon ng trabaho at independiyenteng mga kontratista.

Inilalarawan din ng Patakaran sa Privacy na ito ang mga kasanayan sa Personal na Impormasyon ng mga nauugnay na kumpanya namin: American Honda Protection Products Corporation, American Honda Receivables LLC, American Honda Receivables II LLC, Honda Titling Inc., Honda Lease Trust, Honda Titling A-B LLCs, Honda Titling A-B LPs, Honda Insurance Solutions, LLC, at Honda Aviation Finance Company, LLC.

Pakibasa nang mabuti ang Patakara sa Privacy na ito, na bahagi ng Mga Tuntunin ng Paggamit namin, bago gamitin ang mga Site at/o mga Serbisyo namin. Sa pamamagitan ng pag-acces o paggamit sa mga Site at/o Sebisyo namin, sumasang-ayon ka sa paggamit namin sa impormasyon mo na naaayon sa Mga Tuntunin ng Paggamit at Patakaran sa Privacy na ito.
Kung magbigay ka ng impormasyon sa amin o magkolekta kami ng Personal na Impormasyon tungkol sa iyo na may kaugnayan sa pinansyal na transaksyon (potensyal o tapos), pinamamahalaan din ang hindi pampublikong personal na impormasyon mo ng mga batas sa pinanasyal na privacy ng pederal at estado, gaya ng Batas Gramm-Leach-Bliley, at ang mga abiso sa pinansyal na privacy na ibinigay alisunod sa mga batas na iyon. Sa pangyayari ng pagtatalo o pagkakasalungatan sa pagitan ng Patakaran sa Privacy na ito at isang abiso sa pinansyal na privacy, mamamahala ang nalalapat na abiso sa pinansyal na privacy.

KUNG HINAHANAP MO ANG PATAKARAN SA PRIVACY NG AMERICAN HONDA MOTOR CO., INC., PAKI-KLIK DITO.

# Talahanayan ng Mga Nilalaman

American Honda Finance Corporation........ 1
Patakaran sa Privacy ........ 1
Tungkol sa Patakaran sa Privacy na Ito ........ 3
Impormasyong Aming Kinokolekta ........ 3
Paano Namin Kinokolekta ang Impormasyon........ 5
Advertising na Nakabase sa Interes........ 7
Paano Kami Gumagamit at Nagbubunyag ng Impormasyon........ 8
Pagbebenta at Pagbabahagi ng Third-Party ........ 10
Iba pang Importanteng Probisyon sa Privacy ........ 11
Privacy ng Mga Bata........ 12
Mga Karagdagang Karapatan sa Privacy ng Estado........ 12
Mga pagsasalin ........ 15
Makipag-ugnayan sa Amin ........ 15

# Tungkol sa Patakaran sa Privacy na Ito

## Mga Pagbabago sa Patakaran sa Privacy

Napapailalim sa pagbabago ang Patakaran sa Privacy na ito. Hinihimok ka namin na madalas na repasuhin ang Patakaran sa Privacy na ito para sa mga rebisyon o pag-amyenda. Maliban kung ipinahayag, magkakabisa kaagad ang mga pagbabago pagkatapos ipinaskil. Tinatanggap mo ang mga pagbabago sa pamamagitan ng patuloy mong paggamit sa mga Site o Serbisyo namin. Kung natukoy namin na magreresulta ang isang pagbabago sa Patakaran sa Privacy na ito sa paggamit sa Personal na Impormasyon mo na nakuha bago ang pagbabago sa makabuluhang bagong paraan, aabisuhan ka namin bago gamitin ang Personal na Impormasyon mo sa bagong paraan. Puwede ka rin naming bigyan ng kakayahang mag-opt in o mag-opt out sa ilang partikular na pagbabago, ayon sa hinihingi ng batas. Nagpapakita ang petsa ng pinakakamakailang update namin sa itaas ng pahinang ito.

## Pagtatalo sa Pagitan ng Patakaran na ito at Lokal na mga Batas at Regulasyon

Kapag nangangailangan ang pederal, at lokal na mga batas at regulasyon ng mas mataas na antas ng proteksyon para sa Personal na Impormasyon mo, mangunguna ang mga ito sa Patakaran sa Privacy na ito. Malalapat ang mga espesipikong kinakailangan ng Patakaran sa privacy na ito maliban kung hindi pinayagan ng lokal na mga batas at regulasyon.

# Impormasyong Aming Kinokolekta

## Personal na Impormasyon

Aming kinokolekta ang impormasyong personal na nagpapakilala, nauugnay sa, naglalarawan, o may kakayahang maiugnay sa iyo ("Personal na Impormasyon"), na maaaring kinabibilangan ng:

- Mga tagapagkilala gaya ng pangalan, numero ng social security, lisensya sa pagmamaneho o iba pang numero ng pakakakilanlan ng pamahalaan, address ng koreo, address ng garahe, email address, numero ng telepono, mga kredensiyal ng pag-login sa account;
- Mga katangian ng mga protektadong klasipikasyon sa ilalim ng batas ng California o pederal gaya ng edad (kabilang ang petsa ng kapanganakan) at kasarian;
- Demograpikong impormasyon gaya ng katayuan sa pag-aasawa, kita, paninirahan, katayuan ng pagkamamamayan;
- Komersyal na impormasyon gaya ng numero ng pagkakakilanlan ng sasakyan, mga katangian ng sasakyan, numero ng lisensyang plaka ng sasakyan, pagpaparehistro ng sasakyan, interes ng produkto, kasaysayan ng pagbili, balanse ng account at iba pang impormasyon sa pananalapi, impormasyon sa seguro ng sasakyan, impormasyon sa

pagbabayad (numero ng credit/debit card, petsa ng pagkapaso, numero ng account sa banko);

- Internet o impormasyon sa aktibidad ng ibang network gaya ng IP address, kasaysayan ng pagba-browse o paghahanap, mga pakikipag-ugnayan mo sa mga email namin, nakolektang data sa pamamagitan ng mga cookie at mga katulad na teknolohiya;
- Data ng geolocation gaya ng tinatayang mga tagapagpahiwatig ng heyograpikong lokasyon mula sa mobile o web at tumpak na data ng geolocation mula sa mga sasakyan o produkto;
- Audio, elektroniko, visual na impormasyon gaya ng mga rekording ng tawag, mga larawan ng mamimili, photo ID, o ang nilalaman ng mga komunikasyon sa amin;
- Propesyonal o impormasyong nauugnay sa pagka-empleyo gaya ng taga-empleyo, kita, trabaho, katayuan ng pagka-empleyo, mga rekord ng serbisyo sa militar;
- Impormasyon ng edukasyon gaya ng antas ng edukasyon, mga transkrip, mga diploma;
- Mga ipinalagay mula sa mga kategorya sa itaas ng Personal na Impormasyon na nauugnay sa mga katangian, paggawi, ugali, at kakayahan mo;
- Personal na impormasyon gaya ng inilarawan sa Cal. Civ. Code § 1798.80(e) hanggang sa nakolekta sa ilalim ng isa pang kategorya ng Personal na Impormasyon sa itaas.

Maaaring ituring Sensitibong Personal na Impormasyon ang ilan sa Personal na Impormasyong nakalista sa itaas sa ilalim ng mga nauugnay na batas sa privacy. Kabilang dito ang numero ng social security, lisensya sa pagmamaneho at iba pang impormasyon ng card ng pagkakakilanlan ng pamahalaan, tumpak na data ng geolocation, at mga kredensyal sa pag-login ng AHFC account mo. Maaaring magpapang-abot ang bawat uri ng Sensitibong Personal na Impormasyon sa isang kategorya ng Personal na Impormasyon na nakalista sa itaas.

Maaaring mag-iba ang mga uri ng Personal na Impormasyong kinokolekta namin tungkol sa iyo batay sa kung paano mo ginagamit ang Mga Site at/o Serbisyo namin, at ang relasyon mo sa amin.

## Data ng Paggamit at Aktibidad ng mga Site

Awtomatikong kinokolekta namin ang impormasyon na may kauganayan sa mga pagkilos na ginawa mo sa mga Site namin ("Data ng Paggamit"). Halimbawa, sa bawat panahong ginagamit mo ang mga Site namin, awtomatiko naming kinokolekta ang uri ng web browser na ginagamit mo, ang Provider ng Serbisyo ng Internet mo, ang mga pahinang tinitingnan mo, mga pahina ng pag-refer at pag-alis, ang petsa at oras ng pagbisita mo, ang bilang ng mga pag-klik sa, mula sa, at sa loob ng mga Site namin, at ang tagal ng mga pagbisita mo sa mga Site namin. Kung maaari naming makatuwirang iugnay ang impormasyong ito sa iyo, direkta o hindi direkta, tatratuhin namin itong Personal na Impormasyon sa ilalim ng mga kategorya ng mga Tagapagkilala at Internet o ibang impormasyon ng elektronikong impormasyon, ayon sa naaangkop. Kung hindi namin makatuwirang iugnay ang impormasyong ito sa iyo, tatratuhin namin itong Data ng Paggamit.

## Mga Rekording ng Komunikasyon

Maaari namin irekord ang mga tawag at panatilihin ang nilalaman ng mga mensaheng text o ibang nakasulat/elektronikong mga komunikasyon sa pagitan mo at sa amin. Sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnayan sa amin, pumapayag ka sa pag-rekord namin at pagpapanatili ng mga komunikasyon.

Bumalik sa Itaas

# Paano Namin Kinokolekta ang Impormasyon

## Mula sa Iyo

Maaaring hilingin namin sa iyo na ibigay sa amin ang Personal na Impormasyon kapag nakikipag-ugnayan ka sa sa amin (online o offline), mag-loan, bumili ng plano ng GAP o ibang produkto mula sa amin, lumahok sa mga survey sa mamimili, mga sweepstake, o mga paligsahan, at sa ibang pagkakataon. Hindi mo kailangang ibigay sa amin ang Personal Impormasyon mo; subalit, kung pipiliin mong hindi ibigay ang hiniling na impormasyon, maaaring hindi mo magagamit ang ilan sa mga tampok ng mga Site o Serbisyo namin o maaaring hindi namin matupad ang hiniling mong pagkikipag-ugnayan. Maaari din namin kunan ang impormasyon ng kontak mo, gaya ng mga numero ng telepono at mga email address, kapag kinontak mo kami.

## Mga Pinagmumulan ng Data ng Third-Party

Maaaring kolektahin namin ang Personal na Impormasyon mula sa pinagmumulan ng Data ng third-party gaya ng mga kaakibat, mga brokerage ng data, mga kumpanya ng seguro, mga ahensya ng pag-uulat ng mamimili, mga ahensya o katuwang sa marketing, mga firm ng analytics, at mga ahensya ng pamahalaan.

## Mga dealership

Maaaring kolektahin namin ang Personal na Impormasyon mula sa mga dealership kung saan ka nakikipag-ugnayan. Halimbawa, kung nag-loan o umupa ka sa isang dealership, maaaring ibunyag ng dealership ang Personal na Impormasyon mo sa amin. Maaaring makatanggap kami ng impormasyon tungkol sa pagbili, pag-upa, at mga pakikipag-ugnayan sa serbisyo ng sasakyan mo sa dealership.

## Mga Cookie at Ibang Na-automate na mga Tool

Gumagamit kami at ng mga third paty ng mga cookie (isang maliit na text file na inilalagay sa computer mo para kilalanin ang computer at browser mo) at ibang na-automate na mga tool gaya ng mga pixel sa pagsusubaybay para subaybayan ang pakikipag-ugnayan mo sa mga Site namin at para mapabuti ang karanasan ng mga Site at Serbisyo namin, gaya ng pagimbak sa mga kinakatigan mo mula sa pagbisita para maipresenta sa iyo ang na-customized na bersyon ng Website. Maraming mga web browser na inisyal na itinakda para tumanggap ng mga cookie. Maaari mong i-reset ang web browser mo para tanggihan ang lahat ng cookie o para ipahiwatig kapag ipinapadala ang isang cookie. Subalit,

maaaring hindi gumana ang ilang mga tampok ng mga Site namin kung tatanggalin o hindi paganahin ang mga cookie.

Maaaring gamitin namin ang mga sumusunod na uri ng mga cookie:

- Mahigpit na Kailangan: Mahalaga ang mga cookie na ito para patakbuhin ang mga Site at hatiran ka ng mga serbisyong hiniling mo.
- Mga Cookie sa Pagganap: Tinutulungan kami at ng mga third party ng mga cookie na ito para maintindihan kung paano gumagana ang mga Site namin at kung sino ang bumubisita sa mga Site namin.
- Functional: Pinapagana ng mga cookie na ito ang ilang mga tampok o hindi mahalagang pagiging functional sa mga Site namin. Halimbawa, maaaring gamitin namin ang mga cookie na ito para kilalanin ka at tandaan ang mga kinakatigan o setting mo kapag bumalik ka sa mga Site namin para mabigyan ka namin ng naka-personalize na karanasan.
- Mga Cookie ng Advertising: Pinapahintulutan kami at ng mga third party ng mga cookie na ito na higit pang matuto tungkol sa iyo, kabilang ang paggamit mo sa mga Site at ibang mga website namin, at para i-advertise ang mga produkto at serbisyo na maaaring interesado ka.

Gumagamit kami at ng mga third party ng teknolohiyang software na nagbibigay-kakayahan sa amin na subaybayan ang ilang aspeto ng pagbisita ng isang user sa mga Site namin. Tinutulungan kami ng teknolohiyang ito na mas mahusay na pamahalaan ang nilalaman sa mga Site namin sa pamamagitan ng pagpapaalam sa amin kung ano ang epektibong nilalaman, paano nakikipag-ugnayan ang mga mamimili sa mga Site namin, at paano dumarating sa at/o umaalis ang mga mamimili sa mga Site namin. Karaniwang gumagamit ang software ng dalawang pamamaraan para subaybayan ang aktibidad ng user: (1) "mga pixel sa pagsusubaybay" at (2) "malinaw na mga gif." Mga piraso ng naisasagawang code ang mga pixel sa pagsusubaybay na nakapaloob sa isang pahina ng web na sumusubaybay sa aktibidad ng paggamit kabilang kung aling mga page ang tiningnan, kung kailan sila tiningnan, at kung gaano katagal tiningnan ang mga page. Maliliit na graphics ang malinaw na gifs at maliliit na may mga natatanging tagapagkilala na nakapaloob sa mga pahina ng web at mga mensaheng email na sumusubaybay kung tumingin ang isang user ng isang pahina ng web o mensaheng email. Maaari ding subaybayan ng software ang pakikipag-ugnayan ng user sa mga Site namin gaya ng mga link at iba pang nilalamang na-click ng User. Maaaring iugnay ang impormasyon ng aktibidad ng user sa karagdagang impormasyon tungkol sa sesyon ng user at Personal na Impormasyon, kung ibinigay ng user.

Maaari kang mag-opt-out sa ilang uri ng mga cookie at ibang tool sa pagsubaybay sa pamamagitan ng pamamahala sa mga setting ng cookie mo.

Kung dumating ka sa mga Site namin sa pamamagitan ng "pag-click sa" mula sa isa pang website, kung gayon ipadala sa amin at maaaring gamitin namin ang ilang impormasyon tungkol sa iyo na ibinigay mo sa ibang website, tulad ng mga terminong hinahanap mo na nagdala sa iyo sa mga Site namin. Dapat mong repasuhin ang Patakaran sa Privacy ng anumang website kung saan mo naabot ang mga Site namin para matukoy kung anong impormasyon ang kinokolekta ng website at para sa kung anong (mga) layuning ginagamit ng mga nagpapatakbo ng website ang impormasyong iyon. Maaaring

panatilihin namin ang impormasyon tungkol sa iyo na ibinigay sa amin ng iba pang mga website at gagamitin ito alinsunod sa Patakaran sa Privacy na ito. Maaaring nauugnay ang nasabing impormasyon sa ibang Data ng Paggamit o Personal na Impormasyon.

Bumalik sa Itaas

# Advertising na Nakabase sa Interes

Maaari kaming makipagtulungan sa mga third-party na advertiser, tagapagkaloob ng paghahanap, at ad network ("Mga Advertiser") para matuto nang higit pa tungkol sa iyo at magpakita ng mga ad sa iyo o iba pang nilalaman na pinaniniwalaan naming magiging may-katuturan sa iyo. Maaaring mangolekta at gumamit ng impormasyon ang mga advertiser tungkol sa paggamit mo sa Site o Serbisyo namin pati na rin sa iba pang mga website at serbisyo. Maaaring gumamit ang mga kumpanyang ito ng mga cookie at iba pang mga online na teknolohiya sa pagsubaybay para kolektahin at gamitin ang impormasyon mo. Maaari din kami at/o mga Advertiser na magdagdag ng iba pang data sa data na nakolekta ng mga Advertiser para lumikha ng profile ng interes ng mga indibidwal na user. Hindi sinasaklaw ng Patakaran sa Privacy namin ang anumang paggamit ng mga Advertiser ng impormasyon na maaari nilang kolektahin mula sa iyo maliban kung kumikilos ang Advertiser bilang tagapagkaloob ng serbisyo namin. Maaaring ipakita ang mga advertisement sa pamamagitan ng mga Site namin o sa mga website ng third-party. Kung ayaw mong makatanggap ng advertising na nakabase sa interes, pakibisita ang Digital Advertising Alliance (DAA) Pahina ng Pagpipilian ng Mamimili. Binibigyang-kakayahan ka ng website ng DAA na mag-opt-out sa isa o higit pang mga network ng advertising na nakabase sa interes. Espesipiko sa device at browser ang mga pag-opt-out; kaya, dapat mong itakda ang mga kinakatigan mo sa pag-opt out para sa bawat device at browser. Maaaring alisin ng pagtanggal ng mga cookie ng browser ang mga kinakatigan mo sa pag-opt-out; subalit, nag-aalok ang DAA ng mga ekstensyon ng browser na nakakatulong na mapanatili ang mga kinakatigan sa pag-opt out na itinakda mo sa Pahina ng Pagpipilian ng Mamimili ng DAA. Pakitandaan na nalalapat lamang ang mga pag-opt-out sa advertising na nakabase sa interes mula sa mga kasaling kumpanya. Maaari ka pa ring makatanggap ng iba pang mga uri ng online na advertising.

## Impormasyon na mula sa mga advertisement

Kung nakarating ka sa mga Site namin sa pamamagitan ng isang advertisement (hal., banner ad), maaaring kumolekta kami ng impormasyon kaugnay ng advertisement na naka-interaksiyon mo at mga interaksiyon mo (hal., item na na-click, petsa at oras).

## Mga Widget sa Social Media

Maaaring may mga feature na pang-social media ang mga Site, katulad ng Meta (Facebook), Instagram, YouTube, LinkedIn, at Twitter widget. Maaring kumolekta ng impormasyon ang mga widget na ito tungkol sa IP address mo at mga page na binisita mo sa mga Site namin, pati na ng iba pang Personal na Impormasyon. Maaaring may i-set na cookie para matiyak na gagana nang wasto ang feature. Ang mga interaksiyon mo sa mga feature na pang-social media ay pinamamahalaan ng mga patakaran sa privacy ng mga

kompanyang nagbibigay nito at dapat mong pag-aralan ang mga kaugnay na patakaran bago makipag-interaksiyon sa mga feature na pang-social media.

Bumalik sa Itaas

# Paano Kami Gumagamit at Nagbubunyag ng Impormasyon

## Sa pangkalahatan

Maaaring gamitin namin ang Personal na Impormasyon para sa mga pangkalahatang layunin, gaya ng:

- Pagbibigay sa iyo ng access sa at paggamit ng Mga Site at Serbisyo namin;
- Pangasiwaan o tuparin ang impormasyon, mga produkto, o serbisyo na hiniling mo;
- Serbisyuhan ang (mga) account mo;
- Magsagawa ng pananaliksik sa merkado;
- Mag-disenyo, bumuo, at pabutihin ang mga produkto at serbisyo namin;
- Ibenta ang mga produkto namin sa iyo, kabilang ang advertising na nakabase sa interes;
- Ibenta ang mga produkto o serbisyo ng ibang kumpanya sa iyo;
- Magsagawa ng analytics ng data;
- Magpatakbo ng programa sa seguridad ng impormasyon at laban sa pandaraya;
- kumuha ng impormasyon mula sa at iulat ang impormasyon sa mga ahensya ng pag-uulat ng mamimili;
- Mangolekta sa mga account ng mamimili (kabilang ang pagbawi at subasta, kung kinakailangan);
- Tapusin ang mga legal na paghahain at proseso gaya ng pagpaparehistro ng mga sasakyan, pagbabayad ng mga buwis, paglalagay at pag-alis ng mga prenda, at pamamahala ng mga pagsipi ng sasakyan;
- Magsagawa ng pang-araw-araw na mga pagpapatakbo ng negosyo gaya ng accounting; at
- Tumugon sa mga pang-pamahalaan at ibang legal na mga kahilingan.

Ginagamit namin ang Maselang Personal na Impormasyon gaya ng sumusunod:

- Mga numero ng social security, mga lisensya sa pagmamaneho, at iba pang mga kard ng pagkakakilanlan ng pamahalaan – para ihatid ang Mga Serbisyo, mga account ng serbisyo, mangolekta sa mga account, at kung hindi man ay kinakailangan ng batas.

- Impormasyon sa pag-login ng AHFC account – para payagan ang pag-access sa mga online na account ng mga mamimili at magpatakbo ng mga programa sa seguridad ng impormasyon at laban sa pandaraya.

- Tumpak na data ng geolocation – maaaring gamitin namin ang data na ito kaugnay ng paghatid ng mga Serbisyo, kabilang na ang paghatak ng mga sasakyan.

Maaari rin naming gamitin ang Personal na Impormasyon at/o Sensitibong Personal na Impormasyon gaya ng inilarawan sa iyo sa punto ng pagkolekta, nang may pagsang-ayon mo, o ayon sa kinakailangan o pinapayagan ng mga nalalapat na batas. Ginagamit lang namin ang Sensitibong Personal na Impormasyon na kaugnay ng mga residente ng California para sa mga layuning pinapahintulot ng mga regulasyon ng Batas sa Privacy ng Mamimili ng California.

## Mga Patotoo

Kung magbibigay ka ng patotoo, maaaring i-post namin ito na nakikita ng publiko sa mga Site namin o sa iba pang materyales ng advertising. Sa pagbigay ng patotoo, binibigyan mo kami ng pahintulot na gamitin ito sa anumang paraan at para sa anumang layunin, kabilang ang mga komumikasyon sa marketing at advertising.

## Mga Service Provider

Maaaring magtatag kami ng relasyon sa iba pang mga negosyo, kabilang na ang mga sosyohan ng mga kompanya, para makapaghatid ng mga serbisyo sa amin ("mga Service Provider"), kabilang ang:

- Mga vendor sa pagpapatupad at serbisyo sa account, na tumutulong sa amin na makapagbigay ng mga produkto, serbisyo, at impormasyon sa iyo, bigyang serbisyo ang account o mga benepisyo mo, at magsagawa ng mga serbisyo sa pagproseso ng pagbabayad;
- Mga vendor sa marketing at komunikasyon, na tumutulong sa amin na mabenta ang mga produkto at serbisyo ng mga third party namin sa iyo, magsagawa ng mga promo, mga survey, at iba pang kampanyang paglapit;
- Mga vendor sa pananaliksik at pag-develop, na tumutulong sa amin na magdisenyo, mag-develop, at mapahusay ang mga produkto at serbisyo namin;
- Mga vendor sa pag-analisa ng data at negosyo, na tumutulong sa amin na kumolekta, mag-analisa, at mapahusay ang katumpakan ng aming data (kabilang na ang Personal na Impormasyon);
- Mga vendor sa IT at pangangasiwa ng network, na nagbibigay ng mga serbisyong katulad ng pamamahala at pag-imbak ng data, pag-host ng website, at seguridad ng data;
- Mga vendor sa pagkolekta, paghatak, at mga halintulad nito, na tumutulong sa amin na makolekta ang mga overdue na pagbabayad, paghatak ng kolateral, pagsubasta ng mga sasakyan, at nagsasagawa ng mga halintulad na serbisyo;
- Mga pangkalahatang service provider, na tumutulong sa amin sa mga pang-araw-araw na operasyon ng negosyo katulad ng mga serbisyong suporta sa opisina, mga courier service, pamamahala sa pasilidad, at pagsira ng mga dokumento; at
- Mga propesyunal na kompanya ng serbisyo, na nagbibigay ng mga serbisyong pang-accounting, legal, HR at iba pang propesyunal na serbisyo.

Hinihingi namin sa bawat Service Provider na gumamit ng makatuwirang pamamaraan sa seguridad na angkop sa kalikasan ng kaugnay na impormasyon para maprotektahan ang Personal na Impormasyon mo mula sa walang-pahintulot na pag-access, paggamit, o pagsiwalat. Ipinagbabawal namin sa mga Service Provider na gamitin sa iba ang Personal na Impormasyon na ibinibigay namin sa kanila na bukod sa tinukoy namin. Sa nakalipas na labindalawang buwan, maaaring isiniwalat namin ang bawat kategorya ng Personal na Impormasyon na kinolekta namin (nakalista sa itaas) sa mga Service Provider.

Bumalik sa Itaas

# Pagbebenta at Pagbabahagi ng Third-Party

Maaaring ibunyag namin ang Personal na Impormasyon mo, maliban sa Sensitibong Personal na Impormasyon, sa mga limitadong sitwasyon na maaaring magkwalipika bilang pagbenta o "pagbahagi" (para sa cross-context na behavioral advertising o naka-target na advertising) sa bisa ng ilang batas sa privacy.

- **Mga Kasosyo.** Maaaring ibunyag namin ang Personal na Impormasyon mo sa mga kasosyo ng Honda kagaya ng American Honda Motor Co., Inc. Sa nakalipas na labindalawang buwan, isiniwalat namin ang mga sumusunod na kategorya ng Personal na Impormasyon sa mga kasosyo: Mga tagapagkilala, Impormasyon ng Demograpiko, Impormasyong Komersiyal, impormasyon ng aktibidad sa Internet o iba pang elektronikong network.
- **Mga dealership.** Maaaring ibunyag namin ang Personal na Impormasyon mo sa dealership kung saan ka bumili, nag-finance, o nag-lease ng sasakyan; gayunpaman, isisiwalat lang namin ang impormasyon na nakolekta na ng dealership mula sa iyo o tungkol sa iyo. Sa nakalipas na labindalawang buwan, ibinunyag namin ang mga sumusunod na kategorya ng Personal na Impormasyon sa mga dealership: Mga tagapagkilala, Impormasyong Komersiyal.
- **Mga kompanya sa advertising, social media, at analytics.** Maaaring ibunyag namin ang Personal na Impormasyon o Data ng Paggamit sa mga kompanya sa advertising, social media, at analytics or payagan ang mga third party na ito na kumolekta ng naturang data mula sa mga Site namin. Sa nakalipas na labindalawang buwan, ibinunyag namin ang mga sumusunod na kategorya ng Personal na Impormasyon: Mga tagapagkilala, impormasyon ng aktibidad sa Internet o iba pang elektronikong network, at (di-tumpak) na Geolocation data.
- **Mga Kompanya ng Insurance.** Maaaring ibunyag namin ang Personal na Impormasyon mo sa mga kompanya ng insurance para sa sarili nilang mga layunin sa pag-advertise, marketing, at sale. Bagaman hindi namin ginawa sa loob ng nakalipas na labindalawang buwan, inaasahan namin sa hinaharap ang pagbubunyag ng mga sumusunod na kategorya ng Personal na Impormasyon: Mga tagapagkilala, Impormasyon ng Demograpiko, Impormasyong Komersiyal, impormasyon ng aktibidad sa Internet o iba pang elektronikong network.

Maaaring gamitin ng mga third party na nasa itaas ang Personal na Impormasyon na ibinunyag sa kanila para sa marketing pati na sa anumang iba pang layunin na naaayon sa batas alinsunod sa sarili nilang mga patakaran sa privacy.

Hindi namin ibinebenta o ibinabahagi ang Maselang Personal na Impormasyon mo o kaya'y ibinubunyag ito sa sinumang third party bukod sa aming mga Service Provider o ayon sa hinihingi ng batas.

## Iba Pang Paglipat

Maaaring ibunyag din namin ang Personal na Impormasyon at Data ng Paggamit:

- Sa mga negosyong kumokontrol, kinokontrol ng, o nasasailalim sa karaniwang kontrol kasama namin;
- Kung kami ay mai-merge, mabili, o mabenta, o sa pangyayaring magkaroon ng pagwawalay, pag-restructure, pag-reorganize, o paglipat ng ilan o lahat ng mga asset namin at makatuwirang kinakailangan ang pagbubunyag kaugnay ng transaksiyon;
- Para sundin ang batas;
- Para tugunan ang mga kahilingang legal (kabilang ang mga kautusan ng korte, mga hinihingi sa imbestigasyon, at mga subpoena) kung, sa aming kapasyahan, ay pinaniniwalaan namin na ito ay kinakailangan o nararapat;
- Para pigilan o ihinto ang anumang ilegal, hindi etikal, o aktibidad na malalapatan ng batas;
- Para protektahan ang kaligtasan, pag-aari, o karapatan namin, ng mga consumer, o ng sinumang iba pang third party; at
- Para sa mga karagdagang layunin na mayroong pahintulot mo.

Bumalik sa Itaas

# Iba pang Importanteng Probisyon sa Privacy

## Seguridad

Kinikilala namin ang kahalagahan ng pag-iingat sa pagkalihim ng Personal na Impormasyon mula sa pagkawala, maling paggamit, o pagbabago. Alinsunod dito, gumagamit kami ng mga komersiyal na makatuwirang pang-administratibo, teknikal, at pisikal na pananggol para makatulong sa pagprotekta ng Personal na Impormasyon mula sa hindi awtorisadong pag-access, pagbunyag, at paggamit. Kahit mayroon na ng mga pananggol na ito, walang paglipat ng data gamit ang Internet o iba pang network ang magagarantiyang 100% na ligtas. Bilang resulta, bagaman sinisikap namin na maprotektahan ang impomasyon na ipinapadala sa o sa pamamagitan ng mga Site o Serbisyo namin, gagawin mo itong batid ang sarili mong kapahamakan.

## Mga Link

Pakitandaan na ang mga third-party na website na naa-access sa pamamagitan ng mga Site namin o inirekomenda sa pamamagitan ng mga Serbisyo namin ay maaaring

mayroong kani-kanilang mga patakaran at kagawian sa privacy at pagkolekta ng data. Hindi namin pananagutan ang anumang aksiyon, nilalaman ng mga website, o mga patakaran sa privacy ng mga naturang third party. Dapat mong suriin ang mga umiiral na patakaran sa privacy ng mga third party na iyon kapag nagbibigay ka ng impormasyon.

Bumalik sa Itaas

# Privacy ng Mga Bata

Hindi inilaan ang mga Site at Serbisyo para sa mga bata na wala pang 18 at hindi namin sadyang kinokolekta, ibinabahagi, o ibinebenta ang Personal na Impormasyon na nagmula sa mga batang wala pang edad na 18. Kung mabatid namin na di-sadyang nakatanggap kami ng Personal na Impormasyon mula sa isang bata na wala pang edad na 18, tatanggalin namin ang naturang impormasyon mula sa mga record namin.

Bumalik sa Itaas

# Mga Karagdagang Karapatan sa Privacy ng Estado

Kung isa kang residente ng California, Minnesota, Montana, o Oregon, maaaring mayroon kang karagdagang karapatan na ma-access at makontrol ang Personal na Impormasyon mo. May ilang di-pagkakabilang na maaaring nalalapat, partikular na sa mga customer na protektado na ng mga pederal at pang-estadong batas sa privacy.

## Karapatang Malaman

Mayroon kang karapatan na hilingin nang dalawang beses sa kada 12-buwan na haba ng panahon na ibigay namin sa iyo (i) ang mga kategorya o mga partikular na piraso ng Personal na Impormasyon na kinolekta namin tungkol sa iyo; (ii) ang mga kategorya ng mga pinagkukunan kung saan kinolekta namin ang Personal na Impormasyon mo; (iii) ang (mga) layuning pangnegosyo o komersiyal kaya kinolekta, binenta, o ibinunyag ang Personal na Impormasyon mo; at (iv) ang mga kategorya ng mga service provider o third party na pinagbentahan o pinagbunyagan ng Personal na Impormasyon mo, kabilang ang mga kategorya ng Personal na impormasyon na ibinunyag sa bawat isa. Ang mga residente ng mga partikular na estado, kabilang ang Minnesota at Oregon, ay posibleng may karapatang matanggap ang mga pangalan ng mga third party (hindi namin Mga Service Provider) kung saan kami nagbahagi ng Personal na Impormasyon. Hindi kami pinapayagan na magbigay ng access sa mga partikular na piraso ng Personal na Impormasyon kung ang Personal na impormasyon ay maselan o lumilikha ng mataas na peligro ng posibleng ikasasama kung ibubunyag sa isang hindi awtorisadong tao tulad ng impormasyon sa pananalapi, mga numero ng social security, at numero ng driver’s license. Kung may ipagkakait kaming partikular na Maselang Personal na Impormasyon, ipagbibigay-alam namin sa iyo ang uri ng impormasyon na ipagkakait. Halimbawa, kung ipagkakait namin ang numero ng social security, ipagbibigay-alam namin sa iyo na mayroon kaming social security number sa file.

## Karapatang Tanggalin

Mayroon kang karapatan na hilingin na tanggalin namin ang anumang Personal na Impormasyon na kinolekta namin tungkol sa iyo. Unawain na hindi namin kailangang sundin ang hiling na pagtanggal kung may legal na di-pagkakabilang na nalalapat dito tulad ng kung kakailanganin namin ang impormasyon para maisagawa ang hiniling o makatuwirang inaasahang transaksiyon, pigilan ang mga insidente sa seguridad o panloloko, paganahin ang mga internal na paggamit na makatuwirang nahahanay sa mga inaasahan mo, o para sundin ang mga legal na obligasyon.

## Karapatan na Magwasto

Mayroon kang karapatan na hilingin na iwasto namin ang di-tumpak na Personal na Impormasyon na kinolekta namin tungkol sa iyo. Pagkaraang hilingin mo na iwasto namin ang di-tumpak na Personal na Impormasyon, magbibigay kami ng mga tagubilin para sa iyo na ibigay sa amin ang opsiyonal na dokumento para suportahan ang kahilingan mo at isasaalang-alang namin ito. Maaaring tanggihan namin na iwasto ang Personal na Impormasyon mo kung may legal na di-pagkakabilang na nalalapat dito tulad ng kung matukoy namin na mapanloko o mapang-abuso ang kahilingan mo o kung matukoy namin, batay sa kabuuan ng mga sitwasyon, na ang pagwawasto mo ay mas malamang na di-tumpak kaysa sa tumpak. Maaaring magpasya kami na tanggalin ang sinasabi mong di-tumpak na Personal na Impormasyon sa halip na iwasto ito.

Kung nais mo lang na i-update ang impormasyon sa pagkontak sa iyo o iba pang Personal na Impormasyon sa halip na kontrahin ang katumpakan nito, direktang gawin ang mga pagbabago sa account mo o makipag-ugnayan sa amin.

## Karapatang Mag-Opt-Out sa Pagbenta at Pagbahagi

Mayroon kang karapatan na atasan kami na huwag ibenta o ibahagi (para sa cross-context na behavioral advertising o naka-target na advertising) ang Personal na impormasyon mo sa mga third party. Iproproseso namin ang mga kahilingan sa loob ng 15 araw na may pasok, nang nasasailalim sa anumang umiiral na mga di-pagkakabilang at mga palugit na pinapahintulot ng batas.

Nakikilala at prinoproseso rin ng mga Site namin ang mga signal ng Pandaigdigang Pagkontrol sa Privacy (GPC). Kung makatuwiran naming maiuugnay ang isang GPC signal sa isang natutukoy na consumer, tratratuhin namin ito bilang isang kahilingan na mag-opt-out sa pagbenta o pagbahagi sa Personal na Impormasyon ng consumer na iyon na animo’y consumer ang gumawa ng kahilingan gamit ang isa sa mga paraan na nasa ibaba. Kung makatuwiran naming maiuugnay ang isang GPC signal sa isang natutukoy na consumer, tratratuhin namin ito bilang isang kahilingan na mag-opt-out sa pagbenta o pagbahagi sa Personal na Impormasyon ng user na iyon na kinolekta habang naroroon ang signal. Habang naroron ang signal, hindi rin namin papaganahin ang anumang third-party na cookie na hindi kinakailangan para gumana ang Mga Site o iba pang third-party na tool sa pagsusubaybay na nasa mga Site. Kung wala ang signal, mapipili kang mag-opt-out sa ilang uri ng mga cookie at iba pang tool sa pagsubaybay na maaaring maging pagbenta o pagbahagi ng Personal na Impormasyon sa pamamagitan ng pamamahala sa mga setting mo sa cookie.

## Mga Apela (Mga Residente Lang ng Minnesota, Montana, at Oregon)

Kung isa kang residente ng Minnesota, Montana, o Oregon, may karapatan kang iapela ang desisyon namin na tanggihan, nang buo o bahagi lamang, ang paggamit mo sa mga karapatan ng consumer sa pamamagitan ng pagsumite ng kahilingan na umapela. Kung tatanggihan namin ang apela mo, bibigyan ka namin ng nasusulat na paliwanag ng mga dahilan para sa aming desisyon.

## Pagsumite ng Kahilingan

Kung isa kang residente ng California, Minnesota, Montana, o Oregon at nais mong gamitin ang mga karapatan mo, maaari kang magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng aming online request form o sa pagtawag sa amin sa numerong (800) 445-1358. Maaari mo rin piliin na mag-opt-out sa mga pagbenta at pagbahagi (para sa cross-context behavioral advertising o targeted advertising) sa pamamagitan ng paggamit sa isang privacy preference signal, ayon sa inilarawan sa seksiyon na "Karapatan na Hindi Magpabilang sa Pagbenta at Pagbahagi" sa itaas. Mapipili mo rin na mag-opt-out sa ilang uri ng mga cookie at iba pang tool sa pagsubaybay na maaaring maging pagbenta o pagbahagi ng Personal na Impormasyon sa pamamagitan ng pamamahala sa mga setting mo sa cookie.

Pagkatapos mong magsumite ng kahilingan, maaaring makipag-ugnayan kami sa iyo para makakuha ng karagdagang impormasyon na kinakailangan para maberipika ang pagkakakilanlan mo. Halimbawa, maaaring hingin namin sa iyo na beripikahin ang ilang impormasyon na nasa mga file namin o magsumite ng nilagdaang deklarasyon na may parusa sa pagsisinungaling na nagbeberipika sa pagkakakilanlan mo. Hindi namin ipproproseso ang mga kahilingan na Karapatang Malaman, Pagtanggal, o Pagwawasto nang hindi bineberipika ang pagkakakilanlan mo, kaya kung maaari'y tumugon nang maaga. Kung hindi ka tutugon nang maaga sa mga hinihiling namin na impormasyon, maaaring tanggihan namin ang kahilingan mo.

Ipoproseso namin ang mga kahilingang Mag-Opt-Out sa Pagbenta at Pagbahagi ayon sa ipinabatid sa itaas. Ipoproseso namin ang mga naberipikang kahilingan na Karapatang Malaman, Pagtanggal, at Pagwawasto sa loob ng 45 araw ng kalendaryo ng pagtanggap dito, nang nasasailalim sa anumang umiiral na mga di-pagkakabilang at mga palugit na pinapahintulot ng batas.

## Awtorisadong Ahente

Kung isa kang awtorisadong ahente na nagsusumite ng kahilingan sa ngalan ng isang residente ng California, Minnesota, Montana, o Oregon, dapat kang magbigay ng kopya ng notaryadong power of attorney o nasusulat na awtorisasyon mula sa consumer (kasama ng katibayan ng pagkakakilanlan mo). Kung gagawa ka ng kahilingan bilang isang awtorisadong ahente, makatatanggap ka ng karagdagang tagubilin. Maaaring makipag-ugnayan kami sa iyo o sa consumer na sinasabi mong kinakatawan mo para maberipika ang awtorisasyon mo.

## Abiso sa Kawalang Pagtatangi-tangi

Hindi kami magtatangi-tangi laban sa sinumang consumer dahil sa paggamit niya ng mga karapatan niya sa privacy sa ilalim ng batas o ng Patakaran sa Privacy na ito.

### "Do Not Track" na Pagbubunyag ng California

Ang Do Not Track ay isang kagustuhan sa privacy ng web browser na nagdudulot sa web browser na mag-broadcast ng signal sa mga website na hinihiling na huwag susubaybayan ang aktibidad ng isang user. Sa kasalukuyan, hindi tumutugon ang mga Site at Serbisyo namin sa mga "do not track" na signal. Pero, magagawa mong, piliin na mag-opt-out sa advertising na nakabatay sa interes mula sa mga kasaling kumpanya gamit ang DAA pahina ng Pagpipilian ng Mamimili na naka-link sa itaas. Maaari rin piliin ng mga residente ng California, Minnesota, Montana, at Oregon na mag-opt-out sa mga pagbenta at pagbahagi (para sa cross-context na behavioral advertising o naka-target na advertising) ayon sa ipinabatid sa itaas.

## Mga pagsasalin

Upang tingnan ang aming Patakaran sa Privacy sa ibang wika, pakipili mula sa sumusunod: Chinese, Korean, Spanish, Tagalog, o Vietnamese.

## Makipag-ugnayan sa Amin

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa aming mga Site, Serbisyo, o sa Patakaran sa Privacy na ito, makipag-ugnayan sa amin.